

Para sa Lahat ng mga Dayuhang Nasyonal

Tagalog (タガログ語)

na Naninirahan sa Japan

Mula ika-9 ng Hulyo, 2012:

Ang Resident Card ay iiisyu dahil sa bagong sistema ng residency management. (Mawawala ang kasalukuyang Alien Registration System.)

Ano ang Resident Card?

- Mga bibigyan: Ang Resident Card ay ibibigay sa mga dayuhang nasyonal na naninirahan sa Japan na may legal na status of residence ng mahigit sa tatlong buwan.
 - Hindi bibigyan ng Resident Card ang mga taong may Temporary Visitor status, Diplomat o Official status.
 - Para sa mga special permanent resident, ibibigay ang Special Permanent Resident Certificate sa halip na Resident Card.
- Impormasyong nakalagay: Larawan (mukha lamang), pangalan, nasyonalidad, petsa ng kapanganakan, kasarian, status of residence, period of stay, kung may working permit o wala at iba pang impormasyon.

● Valid Period :

	16 na taong gulang o pataas	Wala pang 16 na taong gulang
Mga permanent resident	Pitong taon mula sa araw ng pag-iisyu	Hanggang sa araw ng ika-16 na kaarawan
Mga hindi permanent resident	Hanggang matapos ang period of stay	Hanggang matapos ang period of stay o hanggang sa araw ng ika-16 na kaarawan (depende kung alin ang mas maaga)

- Mga lugar kung saan makakakuha ng Resident Card:
 - Mga Regional Immigration Office: Mula ika-9 ng Hulyo, 2012, ibibigay ang Resident Card sa Narita, Haneda, Chubu at Kansai airport sa mga papasok sa Japan na may mid- to long-term resident status. Subalit, para sa mga papasok sa Japan sa ibang airport, ipapadala ang Resident Card sa pamamagitan ng Simplified Registered Mail sa adres na isinabmit sa munisipyo. Tungkol sa iba pang detalye, pakitanong na lamang sa Regional Immigration Bureau, District Immigration Office o Branch Office.
- Kailan dapat palitan ang Alien Registration Certificate ng Resident Card?
 - Habang hinihintay ang pag-iisyu ng Resident Card, magagamit pa ang Alien Registration Certificate para ireport ang bagong adres o para sa iba pang procedure sa mga Regional Immigration Office kaya hindi agad kailangang palitan ang Alien Registration Certificate ng Resident Card.

- Iiisyu ang Resident Card sa Regional Immigration Office kung pinayagang mag-extend ng period of stay at iba pa.
- Ang mga permanent resident na 16 na taong gulang o pataas ay kailangang magpalit sa Resident Card hanggang sa ika-8 ng Hulyo, 2015*. Ang mga permanent resident na wala pang 16 na taong gulang ay kailangan ding magpalit sa Resident Card hanggang sa araw ng ika-16 na kaarawan. Ngunit, kung ang ika-16 na kaarawan ay pagkatapos ng ika-8 ng Hulyo, 2015, dapat magpalit sa Resident Card hanggang sa ika-8 ng Hulyo, 2015.
*Tandaan: Ang residenteng may status of Designated Activities ng apat o limang taon ay kailangan ding magpalit sa Resident Card hanggang sa ika-8 ng Hulyo, 2015.

● **Ano ang mas maganda sa Resident Card?**

- Ang mga aalis ng Japan ng may pasaporte at Resident Card na nagbabalak bumalik sa loob ng isang taon at bago mag-expire ang period of stay* ay hindi na kailangang mag-aplay ng Re-entry Permit. Ito ang tinatawag na sistema ng “Special Re-entry Permit”. Subalit, ang mga residenteng hindi nakabalik sa Japan sa loob ng nabanggit na takdang panahon ay mawawalan ng resident status. Bukod dito, hindi puwedeng ipaextend ang period of validity ng Special Re-entry Permit sa labas ng Japan.

*Tandaan: Ang mga special permanent resident ay bibigyan ng Special Re-entry Permit kung nagbabalak na bumalik sa Japan sa loob ng dalawang taon.

Ano ang Certificate of Residence?

Ang mga dayuhang nasyonal na makakatanggap ng Resident Card o Special Permanent Resident Certificate ay magkakaroon ng kanilang Certificate of Residence sa munisipyo ng kanilang tirahan katulad ng mga Hapon.

● **Impormasyong nakalagay:**

Nakalagay sa Certificate of Residence ang pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian at adres, at gayundin ang nasyonalidad/rehiyon, status of residence at period of stay (para sa mga dayuhang nasyonal lamang).

● **Pag-iisyu ng kopya ng Certificate of Residence**

Katulad ng mga Hapon, makakakuha rin ang mga dayuhang nasyonal ng kopya ng kanilang Certificate of Residence o Certificate of Items Stated in Resident Register sa munisipyo ng kanilang lugar.

*Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Basic Resident Registration System, pakitsek sa sumusunod na website ng Ministry of Internal Affairs and Communications:

http://www.soumu.go.jp/main_sosiki/jichi_gyousei/c-gyousei/zairyu.html

Kailangang magreport o mag-aplay sa sumusunod na mga sitwasyon:

Sitwasyon	Dapat puntahan
1.) Kung nagkaroon ng adres o lumipat sa ibang adres Moving-in Notification*, Change of Address Notification*, Moving-out Notification**	Munisipyo

* Pakidala ang Resident Card o Special Permanent Resident Certificate (o Alien Registration Certificate). **Kung lilipat sa ibang lugar, kailangan munang isubmit ang moving-out notification sa munisipyo ng kasalukuyang adres.	
2.) Kung nagbago ang pangalan, nasyonalidad/rehiyon at iba pa	Mga Regional Immigration Office
3.) Kung nawala ang Resident Card o nasira	
4.) Mga Permanent Resident at wala pang 16 na taong gulang: • Kung mag-eexpire ang period of validity ng Resident Card	
5.) Mga taong may employment status (may ilang eksepsyon), Estudyante at Trainee: • Kung nagbago ng pangalan o lumipat sa ibang lugar ang organisasyong kinabibilangan tulad ng pinagtatrabahuhan o eskuwelahan, isinara ang kumpanya, natapos ang kontrata ng trabaho o lumipat sa ibang kumpanya	Dalhin ang notification form sa Regional Immigration Office o ipadala sa Tokyo Regional Immigration Bureau
6.) Mga taong may status ng: Dependent (asawa), Designated Activities (C), Spouse or Child of Japanese National o Spouse or Child of Permanent Resident • Kung nagdeborsyo o namatayan ng asawa	

Pagtatanong sa ibang mga wika: Para sa iba pang detalye, pakitanong sa sumusunod na opisina.

➤ Immigration Information Center Mula Lunes hanggang Biyernes: 8:30am-5:15pm TEL: 0570-013904 (IP Phone, PHS, International Call: 03-5796-7112)	Mga wika: Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol at Portuguese
➤ One-Stop Consultation Support Centers Mula Lunes hanggang Biyernes: 9:00am-4:00pm Consultation Support Center for Foreign Residents (Shinjuku): 03-3202-5535 Saitama Information & Support: 048-833-3296 Hamamatsu Multicultural Center, One-Stop Consultation Corner: 053-458-1510 Web: http://www.immi-moj.go.jp/info/index.html	Maaaring magtanong sa telepono o maaari ring bumisita at magtanong sa sumusunod na mga wika. Ang serbisyong ito ay depende sa schedule kaya pakitsek sa website. <u>Shinjuku</u> : Ingles, Intsik, Espanyol, Portuguese, Bengali, Vietnamese at Indonesian <u>Saitama</u> : Ingles, Portuguese, Espanyol, Intsik, Koreano, Tagalog, Thai at Vietnamese <u>Hamamatsu</u> : Ingles, Portuguese, Espanyol, Intsik at Tagalog

Tungkol sa bagong sistema ng residency management, pakitsek sa website ng Immigration Bureau, Ministry of Justice: http://www.immi-moj.go.jp/newimmiact_1/index.html

*Kasama dito ang mga salin sa Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol at Portuguese.

Isinalin ito ng Tokyo University of Foreign Studies.